# PROYEKTO NG PAGBIBIGAY AT MGA IMIGRANTENG POPOLASYON

## A.I.D.O.

Ang A.I.D.O. o Samahang Italyano para sa donasyon ng mga bahagi ng katawan, tisyu at selula o sihay ay isang volunteer at interethnic organization na walang kinikilingan na partidong politiko o relihiyon. Binubuo ito ng mga mamamayan na pabor sa kusang-loob, anonymous at walang bayad na donasyon ng mga organo at tisyu, pagkamatay ng isang tao, na gagamitin sa transplantation therapy.

Matatagpuan sa buong pambansang teritoryo na may 21 regional offices, 104 sangay na panlalawigan at 1,028 na municipal groups, sa kasalukuyan ito ay may higit sa 1,400,000 miyembro.

Ang A.I.D.O., simula pa noong pagkakatatag nito (1973), ay isang reference point at isang halimbawa ng diyalogo at pag-uusap sa pagitan ng lipunang sibil at mga institusyon.

## BAKIT MABUTING MAG-DONATE?

Ang organ transplant o ang operasyon upang palitan ang bahagi ng katawan (na may depekto) ng isang pasyente, ng mga bahagi ng katawan mula sa ibang tao na nag-donate nito, ay isang pambihirang paraan ng makabagong panggagamot. Maaari nitong mailigtas ang buhay ng isang pasyente, magbigay daan para sa pagbuti ng pamumuhay ng isang tao na obligadong sumailalim sa mga mahahaba at masasakit na panggagamot katulad ng dialysis, o ang pagbibigay daan upang makakitang muli ang isang nabulag na pasyente. Ang mga taong sumailalim sa transplant ay bumabalik sa pagtatrabaho, sa pagkakaroon ng mga anak, sa pagba-byahe at pagsali sa mga sports at pag-gawa ng mga plano para sa kinabukasan.

## KAILAN ISINASAGAWA ANG DONASYON?

Ang pagkuha ng mga bahagi ng katawan at tisyu para sa transplant ay gagawin lamang matapos masigurado ang pagkamatay ng isang tao, na pumanaw kahit na ginawa na ang lahat ng posible para iligtas ang kanyang buhay.

Ang mga nagdo-donate o nagbibigay ng bahagi ng katawan ay mga tao ng anumang edad, na namatay sa ospital sa loob ng mga ICU dahil sa pagkakaroon ng damage o sira ng utak na hindi na maibabalik sa dati (dahil sa pagdurugo, head trauma, aneurysm, atbp) o dahil sa tumagal na atake sa puso na naging dahilan ng kumpletong pagkasira ng mga selula ng utak. Kung ang pagkamatay ay nangyari dahil sa pagtigil ng lahat ng mga aktibidad ng utak, maaari pa ring gawan ng paraan upang magpatuloy ang sirkulasyon ng dugo at pagkakaroon ng kinakailangang hangin ng katawan ng isang tao na binawian na ng buhay upang manatiling aktibo, bagamat sa limitadong panahon, ang mga bahagi ng kanyang katawan.

Ang pagpapatunay ng nangyaring pagkamatay ay isinasagawa, alinsunod sa batas, ng isang grupo na binubuo ng tatlong dalubhasa o espesyalista (isang coroner o medical examiner, isang doktor para sa resuscitation at isang neurologist). Sila ang magsasagawa ng mga angkop na clinical tests o eksamen upang masigurado, sa hindi bababa sa anim na magkakasunod na oras, ang magkakasabay na pagkawala ng mga reflexes ng utak tulad ng mga reaksyon sa mga masasakit na stimuli, kusang paghinga, estado ng malay-tao, at kahit anong electric activity ng utak.

## ANG DESISYON NA MAG-DONATE

Itinatalaga ng batas na Italyano sa isang tao na nabubuhay pa ang karapatan na ipahayag ang pagsang-ayon o pagtanggi sa donasyon ng kanyang sariling organs at tissues. Ang pahayag ng pagnanais na mag-donate ng organs ay nasasakop ng Batas n. 91 ng ika-1 ng Abril 1999 at ng ministerial decree ng ika-8 ng Abril 2000. Ang pagpayag, habang nabubuhay pa, ng pagdo-donate ng mga bahagi ng katawan ay isang may tamang kaalaman na pagpapasya. Maaaring mangalap ng impormasyon, pag-usapan ito kasama ng pamilya para maipamahagi ang desisyon at makasiguro na ito ay ire-respeto.

### Paano

Maaaring ipahayag ang pagpayag o pagtanggi sa donasyon at baguhin kahit kailan ang ipinahayag na

kagustuhan.

Kung ibinigay ang pahayag ng desisyon (positibo o negatibo) sa pagdo-donate, walang magagawa ang mga kamag-anak upang baguhin ang desisyong ito na ginawa habang nabubuhay pa ang kapamilya. Kapag nasigurado na ang ipinahayag na kagustuhan ng tao na maaaring mag-donate, isasagawa ng mga doktor ang pagkuha ng parte ng katawan, kung ang ipinahayag na desisyon ay positibo sa pagdo-donate.

Kung walang ipinahayag na desisyon sa pagdo-donate, isasagawa ng mga doktor ang pagkuha ng parte ng katawan kung hindi tututol ang mga kamag-anak.

### Saan

Ang mga tumungtong na sa mayor de edad ay maaaring magpahayag ng kanilang desisyon sa pagdo-donate ng mga organs at tissues sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- sa mga nakatalagang desk ng mga kinabibilangang Health care facilities;
- Sa mga "ufficio anagrafe" ng mga munisipyo na nag-activate na ng serbisyo ng pagpapatala ng pahayag ng kagustuhan;
- Pagsali sa "Associazione italiana per la donazione di organi, tessuti e cellule (A.I.D.O.)" o Samahang Italyano para sa donasyon ng mga bahagi ng katawan, tisyu at selula o sihay, para lamang sa positibong desisyon;
- Sa pagkumpila sa "tesserino blu" na ipinadala ng Ministero della Salute (Kagawaran ng Kalusugan) noong 2000 o sa mga cards na inihanda ng mga Asosasyon o mga Samahan ng mga magdo-donate at mga pasyente;
- Sa pamamagitan ng isang deklarasyon sa isang simpleng papel na may kumpletong personal data, may petsa at may pirma.

Ang mga (dichiarazioni di volontà) o deklarasyon ng kagustuhan o desisyon, kasama ng mga nakalap na ng A.I.D.O., ay ire-record sa loob ng Information System ng mga transplants (SIT); pwera lang dito ang mga deklarasyon sa simpleng papel, ang "tesserino blu" at ang mga DonorCard. Ang lahat ng mga deklarasyon, pati ang mga hindi naka-record sa SIT, ay ituturing pa rin na may bisa ayon sa batas.

## ANONYMITY O PAGLIHIM NG PAGKAKAKILANLAN – WALANG KABAYARAN – RISPETO

Hindi maaaring malaman ang pangalan ng donor, o ang pangalan ng nakatanggap, dahil ginagarantiyahan ng Batas ang paglihim ng pagkakakilanlan nilang pareho.

Ang mga organs o parte ng katawan ay ilalaan base sa kondisyon o higpit ng pangangailangan at sa clinical at immunological compatibility (pagkakatugma) ng mga taong naghihintay ng transplant.

Hindi legal ang pagbili o pagbenta ng mga organs ng tao: ang donasyon ay laging voluntary, libre at anonymous.

Ang mga gastos sa transplant ay sinisingil sa "Servizio sanitario nazionale" o SSN (Pambansang Serbisyong Pangkalusugan)

Ang mga organs o parte ng katawan ay kukunin mula sa donor nang may malaking rispeto sa taong binawian ng buhay. Pagkatapos ng pagkuha, ang katawan ng namatay ay ibibigay sa pamilya para sa mga kailangang gawin para sa paglilibing.

## DONASYON NG MGA BAHAGI NG KATAWAN AT TISYU NG ISANG TAO NA BUHAY PA

Maaaring mag-donate ng kidney o bato, bahagi ng atay, baga, lapay at bituka, Hematopoietic stem cells (mula sa bone marrow, peripheral blood and cord blood), balat, placenta at mga bahagi ng buto.

Ang lahat ng ibang bahagi ng katawan na hindi nabanggit ay maaari lamang ibigay kapag binawian na ng buhay ang donor.

Hindi kabilang ang utak at gonads o reproductive gland, dahil ang mga ito ay hindi maaaring i-donate.

## MGA RELIHIYON

Ang mga pangunahing relihiyon ay pabor sa donasyon ng mga organs. Lahat sila ay nagpapayo na ang donasyon ay isang bagay ng malayang pagpili at hindi ipinilit.

"Ang pinag-uusapan ay ang pagkakaloob ng ating katawan at ng ating mga pag-aari sa budhismo. Ang pinag-uusapan ay ang pagbibigay ng lahat ng ating mga kakayahan at kabutihan.
Mayroon ding paraan ng pagbibigay ng pansariling bahagi ng katawan sa tradisyon ng budhismo habang ang tao ay nabubuhay pa. Sa ganitong sitwasyon, kailangang ito ay alinsunod sa antas ng ating mga gawain. Kapag tayo ay pumanaw, tunay na kapaki-pakinabang na ang katawan na wala nang buhay ay maaari pa ring makapag-silbi at makatulong sa iba. Pagkatapos ng kamatayan ay wala nang hadlang."

***Ang Banal na Dalai Lama***

---

"Sa mga tao na mang-gagamot sa akin, gamutin din ninyo ang ibang tao na may sakit."

***Mahavagga VIII.26, 1 – 8***

---

"Ang pagbibigay ng bahagi ng katawan ay maaaring maging isang malaking hakbang ng pakikiisa, na nagbibigay ng pag-asa at pangarap ng isang bagong buhay sa ibang tao. Ipinagdadasal ko na ang kultura ng pagdo-donasyon ng mga bahagi ng katawan ay kumalap sa ating lipunan dahil sa pagbuo ng network na ito."

***Il-Myon, budhistang monaco at direktor ng Buddhist – operate Life Share Association***

---

Ang donasyon ng mga organs at parte ng katawan ay itinuturing na katanggap-tanggap sa Theravāda Buddhism. Ang bukas-palad na pagbibigay ng tulong sa ibang nilikha na may pakiramdam ay isang kabutihang budhista, at isang halimbawa nito ang donasyon ng mga organs o bahagi ng katawan."

***Phramaha Laow Panyasiri, Pryor, Ang Templo Buddhavihara***

Sinabi ni Allah(SWT) sa Qur'an:
"... at kung sino ang nakapag-ligtas ng isa, ay para na ring nakapagligtas ng buong sangkatauhan".

***Surah n.5 Taludtod n.32***

Isang tunay na "kasabihan" ng Propeta ang nagsasabi: "Walang sakit na nilikha ang Diyos kung hindi rin Niya nilikha ang makakagamot dito."
"Kung mangyayari na ikaw ay may sakit at mangailangan ng transplant; siguradong gugustuhin mo na may tumulong sa'yo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kinakailangan bahagi ng katawan."

***Shaykh Zaki Badawi, Muslim College, London***

---

***Ipinahayag ng Konseho ng Islamic Law ng Great Britain na:***

1) Ang doktor ay ang awtoridad na maaaring makatukoy sa mga palatandaan ng kamatayan.

2) Itinuturing ng kasalukuyang medikal na kaalaman ang pag-tigil ng pag-gana ng utak bilang depinisyon ng kamatayan.

3) Tinatanggap ng Konseho ang pag-tigil ng pag-gana ng utak bilang katapusan ng buhay, para sa layunin ng organ transplant.

4) Sinusuportahan ng Konseho ang organ transplant bilang isang paraan upang mapawi ang sakit o upang isalba ang mga buhay, batay sa mga kondisyon ng Shariah

5) Maaaring magtaglay ng donor card ang mga muslim

6) Ang pinakamalapit na kamag-anak ng namatay, kahit na wala siyang hawak na donor card, ay maaaring magbigay ng pagpayag sa donasyon ng organ para isalba ang buhay ng ibang mga tao.

7) Ang donasyon ng mga organs ay dapat libre at walang anumang bayad.

8) Ipinagbabawal ang pagbebenta ng mga organs o bahagi ng katawan.

Sa mundong ito, kailangan kunin ang pagkakataon para sa mga hindi makasariling kilos para sa kapwa (SEVA), at tayo ay magkakaroon ng posibilidad na manirahan sa banal na tahanan.

***Guru Nanak***

---

Ang pagkakaisa at pagtulong sa mga nagdurusa ay ang mga pangunahing prinsipyo ng Judaismo; ang donasyon ng mga organs ay isang mahusay na aksyon ng

pagkakaisa at may etikal na halaga, kung saan ang pangangailangan na iligtas ang isang buhay ng tao ay mas mahalaga kaysa sa mga posibleng pagkakasala sa integridad ng bangkay.

*Central Rabbinate of Israel*

---

Sa mga kasulatang Hindu, nababanggit ang 10 mga Niyamas o ang sampung mga mabubuting gawain: ang ikatlo ay Daan, ang pagbibigay ng sarili. Ang nag-iisang kondisyon kung bakit ang gawaing ito ay katanggap-tanggap ay dahil nagbibigay ito ng magandang kahihinatnan na may benepisyo.

"...maaabot ng mga tao ang perpeksyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kani-kaniyang partikular na dharma (pagtupad sa sariling katungkulan)..."

*Bhagavad Gita*

---

"Ang walang bayad na pagbibigay ng mga bahagi ng katawan pagkamatay ng isang tao ay lehitimo at kapuripuring gawain."

*Katekismo ng Simbahang Katoliko*

---

Ang panggagamot sa pamamagitan ng transplant ay napatunayan na maging isang mahalagang kasangkapan para sa pagkakamit ng pangunahing layunin ng sining ng panggagamot, ang serbisyo sa mga buhay ng tao. Samakatuwid, sa Encyclical Letter Evangelium Vitae ipinaaalala ko na, sa lahat ng mga gawain na nag-aambag sa paglawak ng isang tunay na kultura ng buhay "nararapat na bigyan ng isang espesyal na pagpapahalaga ang donasyon ng bahagi ng katawan, na ginawa sa isang katanggap-tanggap na paraan, upang magbigay ng isang pagkakataon sa kalusugan at maging ng buhay sa mga may sakit na minsan ay walang nang pag-asa "(n. 86).

*John Paul II*

---

«Kung pagbabatayan ang mga banal na Pahayag, ipinapahayag ng Simbahan ang pananampalataya sa muling pagkabuhay ng laman ng mga pumanaw. Sa seremonya ng libing, ipinapahayag ng Simbahan ang rispeto na kailangan ibigay sa katawan ng isang pumanaw. Gayunpaman, ang donasyon ng mga bahagi ng katawan at mga tisyu matapos ang pagkamatay ay maaaring maging isang pagpapahayag ng pag-ibig na tumatagal kahit pagkatapos ng buhay."

*Orthodox Church*

## DEKLARASYON NG KAGUSTUHAN NA MAG-DONATE NG BAHAGI NG KATAWAN AT MGA TISYU.

Kung gusto mo, maaaring sagutan ang form, ihiwalay ito at ipadala sa

**A.I.D.O. Nazionale**
**Via Cola di Rienzo 243**
**00192 Roma**